# Ang Propeta Muhammad (s.a.w.)





# Ang Propeta Muhammad (s.a.w.*)

## Sino si Muhammad (s.a.w.)?

Noong 571 AD, isang bata ang ipinanganak sa isang marangal na pamilya mula sa propetikong angkan ni Ismael, anak ni Abraham, sa Makkah (Mecca) sa Tangway ng Arabia (Arabian Peninsula). Ang kanyang pangalan ay Muhammad, "ang pinupuri." Siya ay naulila sa murang edad; kaya naman naunawaan niya ang kalagayan ng mga ulila at ng mga mahihirap. Lumaki si Muhammad (s.a.w.) na isang binatang may namumukod tanging pagkatao. Prinotektahan siya ng Makapangyarihang Allah mula sa mga

* sallallaahu alayhi wassallam: sumakanya nawa ang kapayapaan at pagpapala; ito ay sinasabi ng mga Muslim bilang panalangin tuwing mababanggit ang mahal na Propeta

kasamaan ng pamumuhay ng mga Arabo sa panahon ng Kamangmangan (*Jahiliyya*) tulad ng pag-inom ng alak, pakikiapid, at pagnanakaw. Siya ay kilala bilang *al-Amin*, ang mapagkakatiwalaan, dahil ipinagkatiwala sa kanya ng mga tao ang kanilang mga mahahalagang bagay. Bago pa man ang Islam, si Muhammad (s.a.w.) ay interesado na sa mga problema ng kanyang lipunan at hinangad ang pagtatatag ng kabutihan sa lipunan, tulad ng pagpigil sa mga kawalang-katarungang ginagawa laban sa mga dayuhang mangangalakal.

## Pagka-propeta

Sa edad na 40, natanggap niya ang kanyang unang rebelasyon mula sa Allah noong ika-siyam na buwan ng kalendaryong lunar, ang *Ramadan*, na inihatid ni Arkanghel Gabriel. Ang unang mensaheng ipinahayag sa kanya ay, "Bumasa sa ngalan ng iyong Panginoon, na siyang lumikha sa iyo!" Kaya't sa Islam, ang paraan ng pamumuhay na isinugo si Muhammad upang ito'y ituro, ay binibigyang diin ang pagkuha at pagpapalaganap ng kaalaman mula nang ito ay mabuo.

Nakatanggap siya ng mga rebelasyon sa loob ng dalawampu't tatlong taon. Pinangalanan ng Allah na "Qur'an", ang aklat na ito ito ay para sa lahat ng sangkatauhan at may pangunahing mensahe: paniniwala sa kaisahan ng Allah, ang Tagapaglikha; Kanyang mga anghel; Kanyang mga sugo; Kanyang mga Aklat;



بسم الله الرحمن الرحيم
أبو بكر
عمر
عثمان
علي
وما أرسلناك إلا رحمة للعالمين



ang Araw ng Paghuhukom; at ang Kanyang Banal na Atas sa lahat ng Kanyang nilikha.

Sa unang labintatlong taon ng kanyang pagiging propeta, inanyayahan niya ang mga tao na talikuran ang pagsamba sa diyus-diyosan at maniwala sa Isang Diyos. Ang unang mananampalataya ay ang asawa ng Propeta, si Khadijah, na kilala't iginagalang bilang "ina ng mga Muslim". Sa kasamaang palad, habang inihahatid niya ang mensaheng ito, itinuring siya ng mga taga-Makkah bilang isang panganib sa kanilang paraan ng pamumuhay, lalo na sa pagsamba sa diyus-diyosan. Habang nananawagan siya para sa mga karapatan ng mahihina, nahatak niya ang galit at poot ng malakas. Ipinagtanggol nya ang mga mahihirap at inaapi.

Upang hikayatin siyang talikuran ang kanyang pananampalataya at tungkulin na pagka-propeta, ginamit ang lahat ng uri ng mga pakana tulad ng panunuhol, pagpapahirap at pagtataboy. Sa kabila ng lahat ng mga pang-aabusong ito, wala sa kanyang mga tagasunod ang tumalikod sa Islam. Noong 622 AD, nakatanggap si Muhammad (s.a.w.) ng utos mula sa Allah na lumipat sa Madina, isang lungsod sa hilaga ng Makkah. Ang kaganapang ito ay napakahalaga na ang kalendaryong Islamiko ay nagsisimula sa pangingibang-bayang ito (hijrah). Sa Madina, ang mga Muslim ay naging isang nagkakaisang lipunan. Mas maraming tao mula sa bawat relihiyon, tribo at lahi ang yumakap sa Islam. Ang mga tao mula sa lahat ng bahagi


١٤٢٧

ng bayan ay naantig sa namumukod-tanging pagkatao at habag ng Propeta.

Walong taon matapos ang hijrah, si Propeta Muhammad ay bumalik sa Makkah kasama ang isang hukbong 10,000 katao sa ilalim ng mahigpit na kautusang walang dadanak na dugo, walang paghihiganting isasagawa. Magalang siyang pumasok sa Makkah na nakasakay sa kanyang kamelyo na nakayuko nang husto na ang kanyang ulo' ay halos nakapatong na sa leeg ng kanyang kamelyo. Sa kanyang pagpasok sa lungsod, sinabi niya sa mga taga Makkahna naninirahan dito: "Sinasabi ko sa inyo ang sinabi ni Propeta Joseph (Yusuf) sa kanyang mga kapatid, 'Sa araw na ito, walang paninising ibibigay sa inyo. Nawa'y patawarin kayo ng Allah. Kayo ay malaya na.'

Noong sumunod na taon sa panahon ng Hajj o paglalakbay sa sagradong lugar, nagbigay siya ng kanyang huling sermon kung saan sinabi niya:

> *"Dapat na nating talikuran ngayon ang mga gawain ng kamangmangan. Dapat nating putulin ang lahat ng kaugnayan sa interes o pagpapatubo. Dapat manaig ang katarungan, at walang sinuman ang dapat maapi kailanman. Lahat ng tao ay pantay-pantay mapa- itim o puti, mayaman o mahirap, Arab o hindi Arabo. Ang bagay na nagpapaiba sa atin sa isa't isa ay ang kabanalan; dapat ay mawala na ang paganismo..."*


الله اولئك الذين امتحن الله قلوبهم للتقوى
واجر عظيم
رسول الله




Sa panahong ito, ang sumusunod na bersikulo ay ipinahayag sa kanya: “Sa araw na ito ay Aking ginawang ganap para sa inyo ang inyong relihiyon at binuo ang Aking pabor sa inyo at pinili para sa inyo ang Islam bilang relihiyon...” (Qur’an, 5/3).

Si Propeta Muhammad (s.a.w.) ay pumanaw noong 632 at inilibing sa Madina, Saudi Arabia.

# Ang Kanyang mga Moral ng Katangian

Siya ay mapagpakumbaba, at hindi kailanman nagsasambit ng mga masasamang salita. Kapag siya'y nasa presensya ng kahalayan, umaalis siya at sinasaway ito. Hindi siya kailanman nagtaas ng kanyang boses o tumugon sa pamamagitan ng masamang gawain sa isang masamang gawaing isinagawa sa kanya. Siya ay laging nagpapaumanhin at mapagpatawad. Hindi siya kailanman naghiganti sa sinumang umapi sa kanya. Hindi niya kailanman nilabag ang alinman sa mga kautusan ng Allah. Kapag nahaharap sa dalawang pagpipilian, pinili niya palagi ang mas madali basta hindi ito sumasalungat sa mga ipinag-uutos ng Allah. Napaka-mapagpakumbaba niyang tao na tumutulong siya sa pagluluto at paglilinis ng bahay. Nagsalita lang siya tungkol sa bagay na may kinalaman sa kanya. Mabuti siyang nakitungo sa mga tao at napapagaan niya ang kanilang kalooban tuwing kasama siya. Siya ay mapagbigay sa kung anumang mayroon siya. Napakabalanse niya sa kanyang pagkatao. Kung may kasama siya, hinding hindi siya umaalis bago siya lisanin ng bisita niya. Kung may nagpahirap sa kanya, mapagpasensiya siya sa kanila. Kaya lahat ay masaya na kasama siya. Siya ay napaka-mapagmahal, hindi kailanman

malupit o sakim. Siya ay hindi kailanman tumanggap ng papuri maliban sa kung ano ang makatwiran.

## Repormasyon ng Kanyang Lipunan

Ang Propeta Muhammad (s.a.w.) ay nagdulot ng maraming pagbabago sa kanyang lipunan:

- Siya ang tagapagtanggol ng pantay na karapatan ng kababaihan; inalis niya ang "pagmamay-ari" ng lalaki sa babae. Itinatag niya ang karapatan ng kababaihan na magkaroon ng ari-arian gayundin ang kanilang karapatan sa mana. Ipinagtanggol niya ang karapatan ng kababaihan na pumili o tanggihan ang isang lalaki para sa pag-aasawa.
- Siya ay naging tagapagtanggol ng mga ulila; itinatag niya ang tamang pakikitungo sa kanila. Isang karaniwang kasabihan niya ay, "Ang pinakamagandang tahanan ay isang tahanan kung saan ang isang ulila ay pinakikitunguhan nang mabuti, at ang pinakamasamang tahanan ay isang tahanan kung saan ang isang ulila ay minamaltrato." Ipinagbawal niya ang maling paggamit ng mana ng ulila, na tinitiyak na matatanggap nila

ang nararapat sa kanila kapag sila ay sumapit na sa wastong edad.

- Siya ay isang taong nangangalaga sa kalikasan. Halimbawa, nakasanayan na niyang magtalaga ng isang tao mula sa kanyang mga kasamahan na kunin ang lahat ng basura sa mga lugar kung saan sila nag-kampo kapag sila ay naglalakbay.
- Ipinagbawal niya ang labis na karga ng anumang hayop. Inirekomenda niya ang mahabaging pakikitungo para sa lahat ng mga hayop.
- Tinuruan niya ang kanyang mga tagasunod na mahalin at igalang ang kalikasan sa kanilang paligid at inutusan ang kanyang mga tagasunod na magtanim ng mga puno kahit sa Araw ng Paghuhukom. Ipinagbawal niya ang pagsira sa kalikasan, lalo na sa mga puno, kahit na sa panahon ng digmaan.
- Nag-alala siya sa kalusugan ng lipunan. Tumulong siyang alisin ang paggamit ng alak, mga nakalalasing na bagay, pang-aalipin, at pagsusugal.

**Contact**

Presidency of Religious Affairs
General Directorate of Religious Publications
Department of Publications in Foreign Languages and Dialects

Diyanet İşleri Başkanlığı
Dini Yayınlar Genel Müdürlüğü
Yabancı Dil ve Lehçelerde Yayınlar Daire Başkanlığı

Üniversiteler Mah. Dumlupınar Bulvarı
No:147/A 06800 Çankaya-ANKARA/TÜRKİYE
Tel : +90 312 295 72 81
Fax : +90 312 284 72 88
e-mail: yabancidiller@diyanet.gov.tr

**Hz. MUHAMMED (s.a.s.)**
FİLİPİNCE